

Talahulunganan ng Pangkalusugang Pagsakop at mga Terminong Medikal

- Ang talahulunganang ito ay nagpapaliwanag ng mga terminong kalimitang ginagamit, ngunit hindi ito ang kabuuang listahan. Ang mga terminong talahulunganan at pagpapaliwanag ay naglalayong maging tulong-aral at maaring iba sa mga termino at pagpapaliwanag sa iyong [plano](#) o polisa ng [segurong pangkalusugan](#). Ang iba sa mga termino ay maaari ring hindi nagtataglay ng eksaktong kahulugan kung ginamit sa iyong polisa o [plano](#), at sa anumang kaso, ang polisa o [plano](#) ang siyang makapangyayari. (Tingnan ang iyong Buod ng Benepisyo at Pagsakop ukol sa mga impormasyon tungkol sa pagkuha ng kopya ng iyong polisa o dokumento ng [plano](#).)
- Ang [sinalungguhitang](#) teksto ay nagpapahiwatig na ang termino ay ipinaliwanag dito sa Talahulunganan.
- Tingnan sa pahina 10 ang isang halimbawa na nagpapakita kung paano ang mga [maibabawas](#), [kabahagi sa seguro](#) at mga [mula-sa-bulsang limitasyon](#) ay sama-samang mapapagana sa isang tunay sa buhay na sitwasyon.

Ipinahihintulot na Halaga

Ito ang pinakamataas na kabayaran na babayaran ng [plano](#) para sa sakop na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Maaari ring tawaging "karapat-dapat na gastos", "palugid na kabayaran", o "napagkasunduang presyo".

Apela

Isang hiling na ang iyong tagasegurong pangkalusugan o [plano](#) ay magsuri sa isang desisyon na nagkaila ng benepisyo o kabayaran (alinman sa kabuuan o sa kabahagian).

Balanseng Paniningil


Kung ang isang [tagapagkaloob ng pangangalaga](#) ay sisingilin ka ng natitirang balanse sa pagsingil ng hindi sakop ng iyong [plano](#). Ang halagang ito ay ang pagkakaiba ng tunay na halagang siningil sa [ipinahihintulot na halaga](#). Halimbawa, kung ang singil ng tagapagkaloob ng pangangalaga ay \$200 at ang ipinahihintulot na halaga ay \$110, maaari kang siningilin ng tapagkaloob ng pangangalaga sa natitirang \$90. Ito ay kadalasang nangyayari kung ikaw ay magpapatingin sa isang [labas-ng-network na tagapagkaloob ng pangangalaga](#) (di-ginustong tagapagkaloob ng pangangalaga). Ang isang [network na tagapagkaloob ng pangangalaga](#) (ginustong tagapagkaloob ng pangangalaga) ay hindi ka maaring siningilin para sa mga sakop na serbisyo.

Kahilingan

Ang isang hiling para sa isang benepisyo (kasama ang pagsasauli ng isang gastos sa pangangalagang pangkalusugan) na ginawa mo o ng iyong [tagapagkaloob](#) ng pangangalagang pangkalusugan sa iyong tagasegurong pangkalusugan o [plano](#) para sa mga bagay o serbisyo na iniisip mo na sakop.

Kabahagi sa seguro

Ang iyong bahagi sa mga gastos sa isang sakop na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, kinalkula bilang porsiyento (halimbawa, 20%) ng [ipinahihintulot na halaga](#) para sa serbisyo. Karaniwan mong



Bayad ni Jane 20% Bayad ng plano 80%

(Tignan sa pahina 6 para sa detalyang halimbawa.) babayaran ang kabahagi sa seguro **at** anumang mga [maibabawas](#) na iyong utang. (Halimbawa, kung ang [segurong pangkalusugan](#) o ang ipinahihintulot na halaga ng [plano](#) para sa isang pagbisita sa opisina ay \$100 at naabot mo na ang iyong [maibabawas](#), ang iyong bayad sa kabahagi sa seguro na 20% ay magiging \$20. Ang segurong pangkalusugan o [plano](#) ay magbabayad sa kalabisan sa ipinahihintulot na halaga.)

Kumplikasyon sa Pagbubuntis

Ang mga kundisyon dahilan sa pagbubuntis, hirap sa panganganak, at panganganak na nangangailangan ng pangangalagang medikal upang maiwasan ang malubhang pinsala sa kalusugan ng ina o ng sanggol. Ang paglilihi sa umaga o ang isang di-emerhensyang caesarean section ay karaniwang hindi kumplikasyon sa pagbubuntis.

Kabahagi sa binabayaran

Ang isang tiyak na halaga (halimbawa, \$15) na iyong babayaran para sa isang sakop na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, karaniwan kung ikaw ay nakatanggap ng serbisyo. Ang halaga ay maaring mag-iba sa uri ng sakop na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

Pagbahagi sa Gastos

Ang iyong bahagi sa gastos para sa mga serbisyo na sakop ng isang [plano](#) na kailangan mong bayaran mula sa sarili mong bulsa (minsang ay tinatawag na “mula-sa-bulsang gastos”). Ang mga halimbawa ng pagbahagi sa gastos ay [kabahagi sa binabayaran](#), [maibabawas](#), at [kabahagi sa seguro](#). Ang pagbahagi sa gastos ng pamilya ay ang bahagi ng gastos para sa [maibabawas](#) at [mula-sa-bulsang gastos](#) na kailangan mo at ng iyong asawa at/o (mga) anak na bayaran mula sa sarili mong bulsa. Ang ibang gastos, kasama na ang iyong mga [hulog](#), mga multa na maaring kailangan mong bayaran, o ang gastos sa pangangalaga na hindi karaniwang sakop ng [plano](#) ay hindi itinuturing na pagbahagi sa gastos.


Mga Kabawasan sa Pagbahagi-sa- gastos

Mga diskuwento na nagbabawas sa halaga ng babayaran mo para sa ilang mga serbisyo na sakop ng isang pang-isahang [plano](#) na bibilhin mo sa pamamagitan ng [Pamilyahan](#). Maaari kang makakuha ng diskuwento kung ang iyong kita ay mababa kaysa sa isang tiyak na antas, at ang iyong pinili na antas ng planong pangkalusugan ay ang Silver o kung ikaw ay miyembro ng isang kinikilalang-pederal na tribu, na kabilang na ang pagiging kasosyo sa korporasyon ng Alaska Native Claims Settlement Act.

Maibabawas

Ang halaga na maari mong maging utang sa panahon ng pagsakop (karaniwang isang taon) para sa sakop na serbisyong pangangalagang pangkalusugan bago mag-umpisang magbayad ang iyong [plano](#). Ang kahalatang maibabawas

ay nalalapat sa lahat o halos lahat ng sakop na mga bagay at mga serbisyo. Ang isang [plano](#) na may kahalatang maibabawas ay maaaring may hiwalay na mga maibabawas na nalalapat sa mga tukoy na serbisyo o grupo ng mga serbisyo. Ang isang [plano](#) ay maari ring may hiwalay na maibabawas lamang. (Halimbawa, kung ang iyong maibabawas ay \$1000, ang iyong plano ay hindi magbabayad ng kahit ano hanggang hindi mo matamo ang iyong \$1000 na maibabawas para sa sakop na serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan na sakop ng maibabawas.)



Bayad ni Jane pays 100%	Bayad ng plano 0%
-------------------------------	-------------------------

(Tingnan sa pahina 6 para sa detalyang halimbawa.)

Iksaming Pagsusuri

Mga iksamin upang malaman kung ano ang iyong mga problemang pangkalusugan. Halimbawa, ang x-ray ay maaring isang iksaming pagsusuri upang makita kung mayroon kang isang baling buto.

Matibay na Kagamitang Medikal (DME)

Mga kasangkapan at mga kagamitan na inutos ng isang [tagapagkaloob](#) ng pangangalagang pangkalusugan para sa pang-araw-araw o pangmatagalang paggamit. Ang DME ay maaring kasama ang: kasangkapang pang-oksiheno, mga upuang de gulong, at mga panaklay.

Emerhensiyang Medikal na Kundisyon

Ang karamdaman, pinsala, sintomas (kasama ang matinding sakit), o kundisyon na sapat ang tindi upang maisapalaran ang seryosong panganib sa iyong kalusugan kung hindi ka magtamo ng medikal na atensyon sa madaliang panahon. Kung hindi ka magtamo ng agarang medikal na atensyon maari kang makatuwirang umasa ng isa sa mga sumusunod: 1) Ang kalusugan mo ay magtatamo ng malubhang panganib; o 2) Maaari kang magkaroon ng malubhang mga problema sa iyong mga pagpapatakbo ng iyong katawan; o 3) Magkakaroon ka ng malubhang pinsala sa alinmang bahagi o organo ng iyong katawan.

Emerhensiyang Medikal na Transportasyon

Ang mga serbisyo ng ambulansya para sa [emerhensiyang medikal na kundisyon](#). Ang mga uri ng emerhensiyang medikal na transportasyon ay maaaring kasama ang transportasyon sa pamamagitan ng himpapawid, lupa, o karagatan. Ang iyong [plano](#) ay maaring hindi sumakop ng lahat ng uri ng emerhensiyang medikal na transportasyon, o maaring magbayad ng kaunti para sa ibang uri.

Pangangalaga sa Silid ng Emerhensiya / Mga Serbisyong Pang-Emerhensiya

Mga serbisyo upang malaman kung may [emerhensiyang medikal na kundisyon](#) at gamutin ka upang mapanatili ang [emerhensiyang medikal na kundisyon](#) sa pagiging malubha. Ang mga serbisyong ito ay ibibigay ng isang lisensyadong silid ng emerhensiya o ibang lugar na nagbibigay ng pangangalaga para sa [mga emerhensiyang medikal na kundisyon](#).

Mga Serbisyong Hindi Kasama

Mga serbisyo para sa pangangalagang pangkalusugan na hindi babayaran o sasakupin ng iyong [plano](#).

Pormularyo

Isang listahan ng mga gamot na sakop ng iyong [plano](#). Ang pormularyo ay maaring kasama kung magkano ang iyong bahagi sa gastos para sa bawat gamot. Ang iyong [plano](#) ay maaring maglagay ng mga gamot sa iba-ibang antas o baitang ng [pagbahagi sa gastos](#). Halimbawa, ang pormularyo ay maaring magsama ng mga baitang ng panlahat na gamot at may tatak na pangalang gamot at magkakaibang halaga ng [pagbahagi sa gastos](#) ang lalabas sa bawat baitang.

Karaingan

Ang reklamo na ipaalam mo sa iyong tagasegurong pangkalusugan o [plano](#).

Mga Serbisyo ng Rehabilitasyon

Mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan na makatutulong sa isang tao na mapanatili, matuto o mapabuti ang mga kasanayan at pagpapatakbo para sa araw-araw na pamumuhay. Ang mga halimbawa ay kasama na ang terepewtika para sa isang bata na hindi makalakad o makapagsalita sa inaasahang edad. Ang mga serbisyong ito ay kasama na ang terepewtika na pampisikal at sa pagtatrabho, patolohiya ng pagsasalita-wika, at iba pang serbisyo para sa mga taong may pagkabalda sa sari-saring klase ng kapaligiran para sa panloob na pasyente at/o panlabas na pasyente.

Segurong Pangkalusugan

Isang kontrata na nag-aatas sa isang tagaseguro ng kalusugan na magbayad ng iba o lahat ng iyong gastos sa pangangalagang pangkalusugan kapalit ang isang [hulog](#). Ang kontrata ng segurong pangkalusugan ay maaring tawagin na isang “polisa” o “[plano](#)”.

Pangangalagang Pangkalusugan sa Bahay

Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at mga gamit na makukuha mo para sa iyong bahay sa ilalim ng mga pag-uutos ng doktor. Ang mga serbisyo ay maaaring ibigay ng mga narses, mga terapewta, mga manggagawang panglipunan, o mga ibang lisensyadong [tagapagkaloob](#) ng pangagalagang pangkalusugan. Ang pangangalagang pangkalusugan sa bahay ay karaniwang hindi kasama ang tulong sa mga hindi-medikal na gawain, gaya ng pagluluto, paglilinis, o pagmamaneho.

Mga Serbisyo sa Hospisyo

Mga serbisyo para magbigay ng ginhawa at tulong para sa mga taong nasa huling yugto ng isang sakit na may pangwakas at sa kanilang mga pamilya.

Pagpapa-ospital

Pangangalaga sa isang ospital na nangangailangan ng pagpasok bilang isang panloob na pasyente at karaniwang nangangailangan ng magdamag na pagtigil. Ang ibang mga [plano](#) ay maaaring isaalang-alang ang magdamag na pagtigil para sa pagmamasid bilang panglabas na pangangalaga kaysa panloob na pangangalaga.

Pangangalaga sa Panlabas na Pasyente ng Ospital

Ang pangangalaga sa isang ospital na karaniwang hindi nangangailangan ng magdamag na pagtigil.

Pangangailangan sa Pansariling Responsibilidad

Tinatawag kung minsan na “pansariling kautusan”, ang tungkulin na maari mong taglayin upang makapagpatala sa pangkalusugang pagsakop na nagbibigay ng [pinakamaliit na mahalagang pagsakop](#). Kung wala kang [pinakamaliit na mahalagang pagsakop](#), maaari kang pagbayarin ng multa sa paghain ng iyong pederal na buwis sa kita maliban na lamang kung ikaw ay kuwalipikado para sa pagkalibre sa pagngkalusugang pagsakop.

Kabahagi sa Seguro sa Loob-ng-network

Ang iyong bahagi (halibawa, 20%) sa [ipinahihintulot na halaga](#) para sa sakop na mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan. Ang iyong bahagi ay karaniwang mas mababa para sa loob-ng-[network](#) na sakop na mga serbisyo.

Kabahagi sa Binabayaran sa Loob-ng-network

Isang tukoy na halaga (halimbawa, \$15) na babayaran mo para sa mga sakop ng mga serbisyong pangangalaga sa kalusugan sa mga [tagapagkaloob ng pangangalaga](#) na kumontrata sa iyong [segurong pangkalusugan](#) o [plano](#). Ang mga kabahagi sa binabayaran sa loob-ng-network ay karaniwang mas mababa kaysa sa [kabahagi sa binabayaran sa labas-ng-network](#).

Pamilihan

Ang pamilihan para sa [segurong pangkalusugan](#) kung saan ang mga indibiduwal, pamilya at mga maliliit na negosyo ay matututo tungkol sa kanilang mga pagpipilian sa [plano](#); paghambingin ang mga plano batay sa mga gastos, mga benepisyo at iba pang mahalagang katampukan; magpalista at tumanggap ng tulong na pinansyal para sa mga [hulog](#) at [pagbahagi sa gastos](#) batay sa kita; at pumili ng isang [plano](#) at magpatala sa pagsakop. Kilala rin bilang “Palitan”. Ang Pamilihan ay pinamamahalaan ng estado sa ibang mga estado at ng pamahalaan pederal sa iba pa. Sa ibang estado, ang Pamilihan ay tumutulong rin para makapagpatala ang mga karapatdapat na mamimili na makapagpatala sa ibang mga programa, kasama na ang

Medicaid at ang Programa ng Segurong Pangkalusugan sa mga Bata (CHIP). Ibinabahagi sa online, sa telepono, at sa personal.

Pinakamalaking Mula-sa-Bulsang Limitasyon

Ang taunang halaga na itinatakdang ng pamahalaang pederal na siyang pinakamakamataas ng kailangang bayaran ng isang indibiduwal o pamilya sa [kabahagi ng gastos](#) sa loob ng taon ng [plano](#) para sa sakop, sa-loob-ng-[network](#) na mga serbisyo. Nalalapat sa karamihang uri ng pangkalusugang mga [plano](#) at seguro. Ang halagang ito ay maaring mas mataas kaysa sa mga [mula-sa-bulsang limitasyon](#) na nasasaad para sa iyong [plano](#).

Medikal na Kinakailangan

Mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan o mga bagay na kailangan upang maiwasan, masuri, o magamot ang isang karamdaman, pinsala, kundisyon, sakit, o ang mga sintomas nito, kasama na ang pagpapabuti, at siyang tutugon sa mga tinanggap na pamantayan ng medisina.

Pinakamaliit na Mahalagang Pagsakop

Ang pangkalusugang pagsakop na matutugunan ang [pansariling responsibilidad na pangangailangan](#). Ang pinakamaliit na mahalagang pagsakop ay karaniwang kasama ang mga [plano](#), [segurong pangkalusugan](#) na makukuha sa pamamagitan ng [Pamilihan](#) o ibang mga pansariling polisa sa pamilihan, Medicare, Medicaid, CHIP, TRICARE, at ibang tiyak na pagsakop.

Pinakamaliit na Pamantayang Halaga

Ang batayang pamantayan para sukatin ang porsiyento ng pinahihintulutang gastos na sinasakop ng [plano](#). Kung ikaw ay inalok ng bigyan ng [plano](#) sa trabaho na nagbabayad ng kahit na 60% ng kabuuang pinahihintulutang gastos para sa mga benepisyo, ang [plano](#) ay magbibigay ng pinakamaliit na halaga at maaring hindi ka maging kwalipikado para sa mga [hulog sa mga kredito ng buwis](#) at sa [mga pagbawas sa kabahagi ng gastos](#) para makabili ng [plano](#) mula sa [Pamilihan](#).

Network

Mga pasilidad, [mga tagapagkaloob ng pangangalaga](#) at mga tagapagtustos na kinontrata ng iyong segurong pangkalusugan o [plano](#) upang magbigay ng mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan.

Tagapagkaloob ng Pangangalaga sa Network (Ginustong Tagapagkaloob ng Pangangalaga)

Ang [tagapagkaloob ng pangangalaga](#) na may kontrata sa iyong [segurong pangkalusugan](#) o [plano](#) na sumang-ayon na magbigay ng mga serbisyo sa mga miyembro ng isang

[plano](#). Magbabayad ka ng mas kaunti kung ikaw ay pupunta sa isang [tagapagkaloob ng pangangalaga](#) sa loob ng [network](#). Tinatawag din na “ginustong tagapagkaloob ng pangangalaga” o “kalahok na tagapagkaloob ng pangangalaga.”

Ortotiks at Prostetiks

Mga suhay sa binti, braso, likod at leeg, artipisyal na binti, braso, at mata, at panlabas na portitiks sa dibdib pagkatapos ng mastectomy. Ang mga serbisyo ay kasama ang: pag-aayos, mga pagkumpuni, at mga pagpalit na kinakailangan dahil sa pagkabasag, pagkagamit, pagkawala, o ang pagbabago sa kundisyong pisikal ng pasyente.

Labas-sa-network na Kabahagi sa Seguro

Ang iyong bahagi (halimbawa, 40%) sa [pinahihintulot na halaga](#) para sa sakop na mga serbisyong pangkalusugang pangangalaga sa mga [tagapagkaloob ng pangangalaga](#) na hindi kumontrata sa iyong [segurong pangkalusugan](#) o [plano](#). Ang labas-sa-network na kabahagi sa seguro ay karaniwang nagkakahalaga ng mas mataas kaysa sa [loob-ng-network na kabahagi ng seguro](#).

Labas-ng-network na Kabahagi ng Pagbabayad

Isang tukoy na halaga (halimbawa, \$30) na babayaran mo para sa sakop na mga serbisyong pangkalusugang pangangalaga mula sa mga [tagapagkaloob ng pangangalaga](#) na hindi kumontrata sa iyong [segurong pangkalusugan](#) o [plano](#). Ang mga labas-ng-network na kabahagi ng pagbabayad ay karaniwang mas mataas kaysa sa [loob-ng-network na mga kabahagi ng pagbabayad](#).

Labas-ng-network na Tagapagkaloob ng Pangangalaga (Di-ginustong Tagapagkaloob ng Pangangalaga)


Isang [tagapagkaloob ng pangangalaga](#) na walang kontrata sa iyong [plano](#) para magbigay ng mga serbisyo. Kung ang [plano](#) mo ay sumasakop sa mga labas-ng-network na mga serbisyo, ikaw ay karaniwang magbabayad ng mas mataas para magpatingin sa isang labas-ng-network na tagapagkaloob ng pangangalaga kaysa sa isang [ginustong tagapagkaloob ng pangangalaga](#). Ang iyong polisa ay magpapaliwang kung ano ang mga maaring gastos na ito. Maaari ding tawagin na “di-ginusto” o “di-kalahok” sa halip na “labas-ng-network na tagapagkaloob ng pangangalaga”.

Mula-sa-bulsa na Limitasyon

Ang pinakamalaking **maaring** bayaran sa loob ng panahon ng pagsakop (karaniwang isang taon)

Para sa iyong bahagi ng gastos sa mga serbisyong sakop. Matapos mong matugunan ang limitasyon na ito, ang

[plano](#) ay karaniwang magbabayad ng 100% ng [ipinahihintulot na halaga](#). Ang limitasyon ay makatutulong sa iyong magplano para sa mga gastos sa pangkulusugang pangangalaga. Ang limitasyon na ito ay hindi kasama ang iyong [hulog](#), mga singil sa [balanseng-pagsingil](#) o pangkulusugang pangangalaga na hindi sakop ng iyong [plano](#). Ang ibang [plano](#) ay hindi binibilang ang lahat ng iyong mga bayad sa [kabahagi sa pagbabayad](#), [maibabawas](#), [kabahagi sa seguro](#), mga mula-sa-network na bayad, o iba pang gastos na patungo sa limitasyon.



Bayad ni Jane	Bayad ng plano
0%	100%
(Tingnan sa pahina 6 para sa detalyang halimbawa.)	

Mga Serbisyo ng Manggagamot

Mga serbisyong pangkulusugang pangangalaga na ibinibigay o inuugnay ng isang lisensyadong medikal na manggagamot, kasama na ang isang M.D. (Medikal na Doktor) o D.O. (Doktor ng Medisina ng Osteopatiko).

Plano

Pangkulusugang pagsakop na ibinigay sa iyo ng deretso (pang-individuwal na plano) o sa pamamagitan ng isang taga-empelyo, unyon, o ibang grupo ng tagatangkilik (grupong plano sa trabaho) na nagbibigay ng pagsakop para sa mga tukoy na gastos sa pangkulusugang pangangalaga. Tinatawag din na "plano sa segurong pangkalusugan", "polisa", "polisa sa segurong pangkalusugan" o "[segurong pangkalusugan](#)".

Paunang pahintulot

Ang desisyon ng iyong segurong pangkalusugan o [plano](#) na ang isang serbisyong pangangalagang pangkalusugan, plano ng paggagamot, [inireresetang gamot](#) o [matibay na kagamitang medikal \(DME\)](#) ay [medikal na kinakailangan](#). Kung minsan ay tinatawag na paunang awtorisasyon, paunang pagsang-ayon, o paunang pagpapatibay. Ang iyong [segurong pangkalusugan](#) o [plano](#) ay maaring mangailangan ng paunang awtorisasyon para sa ilang mga serbisyo bago mo ito makuha, maliban sa isang emerhensiya. Ang paunang awtorisasyon ay hindi kasiguruhan na ang iyong [segurong pangkalusugan](#) o [plano](#) ay sasakop sa gastos.

Hulog

Ang halaga na kailangang mabayaran para sa iyong [segurong pangkalusugan](#) o [plano](#). Ikaw at ang iyong taga-empelyo ay karaniwang nagbabayad nito buwanan, tuwing ikatlong buwan, o taunan.

Mga Kredito sa Hulog na Buwis

Tulong pinansyal na nagpapababa sa iyong mga buwis upang matulungan ka at ang iyong pamilya na makabayad sa pribadong [segurong pangkalusugan](#). Makakukuha ka ng tulong na ito kung kukuha ka ng [segurong pangkalusugan](#) sa pamamagitan ng [Pamilyahan](#) at ang iyong kita ay mababa sa tiyak na antas. Ang mga pangunang bayad ng kredito ng buwis ay maaring magamit agad upang mapababa ang iyong buwanang gastos sa [hulog](#).

Pagsakop sa Inireresetang Gamot

Ang pagsakop sa ilalim ng isang [plano](#) na makakatulong sa pagbayad ng mga [inireresetang gamot](#). Kung ang [pormularyo](#) ng plano ay gumagamit ng mga "baitang" (antas), ang mga inireresetang gamot ay pinagsasama-sama sa uri o halaga. Ang halagang babayaran mo sa [kabahagi sa gastos](#) ay mag-iiba para sa bawat "baitang" ng sakop na mga [inireresetang gamot](#).

Mga Inireresetang Gamot

Mga droga at gamot na sa batas ay nangangailan ng pagrereseta.

Panghadlang ng Pangangalaga (Panghadlang na Serbisyo)

Pangkaraniwang pangangalagang pangkalusugan, kasama na ang mga [pagsusuri](#), mga pagrerepaso, at pagpapayo sa pasyente, upang mapigilan o malaman ang karamdaman, sakit, o iba pang problema sa kalusugan.

Manggagamot ng Pangunahing Pangangalaga

Isang manggagamot, kasama na ang isang M.D. (Medikal na Doktor) o D.O. (Doktor ng Osteopatikong Medisina), na nagbibigay o nagtutugma ng isang saklaw na mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan para sa iyo.

Pangunahing Tagapagkaloob ng Pangangalaga

Isang manggagamot, kasama na ang isang M.D. (Medikal na Doktor) o D.O. (Doktor ng Osyopatikong Medisina), propesyonal na narses, espesyalistang narses sa kliniko, o katulong ng manggagamot, na pinapayagan sa ilalim ng batas ng estado at sa mga termino ng [plano](#), na siyang nagbibigay, nag-uugnay, o tumutulong sa iyo sa pagkuha ng saklaw na mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan.

Tagapagkaloob ng Pangangalaga

Isang indibiduwal o pasilidad na nagbibigay ng mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan. Ang ilang mga halimbawa ng isang tagapagkaloob ng pangangalaga ay kasama na ang isang doktor, narses, kiropaktor, katulong ng manggagamot, ospital, sentro ng pagtitistis, pasilidad ng sanay nap pag-aalaga, at sentro ng rehabilitasyon. Ang [plano](#) ay maaring mangailangan na ang tagapagkaloob ng pangangalaga ay maging lisensyado, sertipikado, o akreditado na siyang ipinapataw ng batas ng estado.

Pinagmumuling-tatag na Pagtitistis

Ang pagtitistis at at pag-aasikaso na paggamot na kinakailangan upang maitama o mapabuti ang isang bahagi ng katawan dahil sa depekto mula sa pagsilang, mga aksidente, mga pinsala, o mga kundisyong medikal.

Pagrekomenda

Isang nakasulat na utos mula sa iyong [tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga](#) upang ikaw ay makapagpatingin sa isang [espesyalista](#) o makakuha ng ilang mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan. Sa karamihan ng mga organisasyon ng pinamamahalaang kalusugan (HMOs), kailangan mong kumuha ng pagrekomenda bago ka makakuha ng mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan mula sa kaninuman maliban sa iyong [tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga](#). Kung hindi ka muna kukuha ng pagrekomenda, maaring hindi bayaran ng [plano](#) ang mga serbisyo.

Mga Serbisyong Rehabilitasyon

Mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan na tutulong sa isang tao na mapanatili, maisauli, mapabuti ang mga kasanayan at pagpapalakad ng mga araw-araw na pamumuhay na nawala o napahina dahil ang tao ay nagkasakit, nasakatan, o nabalda. Ang mga serbisyong ito ay kabilang na ang pisikal at propesyonal na terepewtika, patolohiya ng pagsasalita-wika, at mga serbisyong rehabilitasyon ng saykaytriko sa sari-saring klase kapaligiran sa panloob na pasyente at/o panlabas na pasyente.

Pagsusuri

Isang uri ng [serbisyong panghadlang](#) na kabilang na ang mga pagsusulit o iksamen upang tuklasin ang pagkakaroon ng isang bagay, kariniwang isinasagawa kung ikaw ay walang mga sintomas, mga tanda, o laganap na kasaysayang medikal ng isang sakit o kundisyon.

Pangangalaga ng Sanay na Tagapag-alaga

Mga serbisyo na ginagawa o pinamamahalaan ng isang lisensiyadong narses sa iyong bahay o sa isang bahay ng pag-aalaga. Ang pangangalaga ng isang sanay na tagapag-alaga ay *hindi* katulad ng “mga serbisyo ng sanay na pangangalaga” na mga serbisyo na ginagawa ng mga terepewtika o mga tekniko (imbes na mga lisensiyadong narses) sa iyong bahay o sa isang bahay ng pag-aalaga.

Espesyalista

Isang [tagapagkaloob ng pangangalaga](#) na tumutukoy sa isang tiyak na sangay ng medisina o isang grupo ng mga pasyente upang matuklasan, mapamahalaan, mapigilan, o magamot ang ilang uri ng sintomas o kundisyon.

Espesyalidad na Gamot

Isang uri ng [inireresetang gamot](#) na, sa kadalasan, ay nangangailangan ng espesyal na pag-aaskisao o patuloy na pagmamasiid at pagsusuri ng isang propesyonal ng pangangalagang pangkalusugan, o isang medyo mahirap na ipamigay. Kalimitan, ang mga espesyalidad na gamot ay ang mga pinakamahal na gamot sa isang [pormularyo](#).

UCR (Karaniwan, Kinaugalian, at Makatwiran)

Ang halagang ibinabayad para sa medikal na serbisyo sa isang heograpikong lugar batay sa kung ano ang mga karaniwang sinisingil ng mga [tagapagkaloob ng pangangalaga](#) sa lugar para sa kapareho o katulad na medikal na serbisyo. Ang halaga ng UCR kung minsan ay ginagamit upang malaman ang [pinahihintulatang halaga](#).

Madaliang Pangangalaga

Ang pangangalaga para sa isang karamdaman, pinsala, o kundisyon na sapat na maging malubha na hahanapin ng isang makatwirang tao na maghahanap ng agad-agad na pangangalaga, ngunit hindi gaanong malubha na mangangailangan ng [pangangalaga sa silid ng emerhensiya](#).

Paano Kayo Magbabahagi ng Gastos ng Iyong Tagaseguro - Halimbawa

Maibabawas sa Plano ni Jane: \$1,500

Kabahagi sa Seguro: 20%




Mula-sa-Labas na Limitasyon: \$5,000

Enero 1

Umpisa ng Panahon ng Pagsakop

Disyembre 31

Katapusan ng Panahon ng Pagsakop



Hind pa naabot ni Jane ang kanyang \$1,500 na [maibabawas](#).

Ang kanyang [plano](#) ay hindi magbabayad ng anumang gastos.

Mga gastos sa bisitang pang-opisina: \$125

Bayad ni Jane: \$125

Bayad ng plano: \$0

Naabot ni Jane ang kanyang \$1,500 na [maibabawas](#), mag-uumpisa ang [kabahagi ng seguro](#)

Nagpatingin si Jane sa doktor ng maraming beses at nagbayad ng \$1,500 sa kabuuan, naabot ang kanyang [maibabawas](#). Kaya ang kanyang [plano](#) ay magbabayad ng ibang gastos para sa susunod niyang pagbisita.

Mga gastos sa Bisitang Pang-opisina: \$125

Bayad ni Jane: 20% of \$125 = \$25

Bayad ng kanyang plano: 80% ng \$125 = \$100

Naabot ni Jane ang \$5,000 [mula-sa-bulsang limitasyon](#)

Nagpatingin si Jane sa doktor ng madalas at nagbayad ng \$5,000 sa kabuuan. Ang kanyang [plano](#) ay magbabayad ng buong gastos ng kanyang sakop na serbisyong pangangalagang pangkalusugan para sa natitirang taon.

Mga gastos sa Bisitang Pang-opisina: \$125

Bayad ni Jane: \$0

Bayad ng kanyang plano: \$125